

Sikaping tumuloy sa high school ng hindi nagbibigay ng hirap sa mga magulang o guardian. Kami ay sumusuporta sa iyo.



Aichi Pref. Board of Education

Mayroon "endorsement selection" para sa mga taong masipag at desidong mag-aral kahit na nasa hindi kanais-nais na situwasyon

- Sa full-time course ng pampublikong high school dito sa prefecture, mayroong "endorsement selection" para sa mga taong "talentado, hindi nagpapaapekto sa hirap, malakas ang kagustuhang mag-aral at tumatayo bilang isang magandang halimbawa".
- Ang "hindi kanais-nais na situwasyon" na nakasaad sa "endorsement selection" ay makikita sa table 1 sa ikalawang pahina. Sila ay naa-ayon sa kategoryang ito kung ang magulang o guardian ay may mga "patunay na dokumento" na sakop sila ng kategorya (1), (2) o (3), o di kaya ang aplikante mismo ay sakop ng kategorya (4) at ito ay sinusuportahan ng mga "patunay na dokumento".
- Maa-aring makapag-apply para sa "endorsement selection" kapag naka-tanggap ng "proposal" o panukala mula sa magulang o guardian o di kaya mula sa aplikante ang Junior high school at nakatanggap ng "endorsement" mula sa principal pagtapos itong suriin. Dahil importante ito para sa "endorsement selection", maaaring kumonsulta muna ang aplikante sa kanyang magulang o guardian bago tumuloy sa nakatalagang guro.

Mayroon "High school entrance monetary aid system"

- Ang "entrance monetary aid" ay binibigay ng gobyerno upang mabawasan ang kailangan bayaran para sa matrikula. (Ang halaga at detalye nito ay makikita sa **table 2** sa ikalawang pahina.)
- Para makatanggap ng "entrance monetary aid", kailangang mag-apply sa araw ng pag-pasok sa Abril.

Mayroon sistema para sa "scholarship subsidy"

- Dito sa ating prefecture, ang mga taong nakakaranas ng problemang pang-pinansyal ay hindi kinakailangang mag-bayad ng admission fee.
- At para sa pang-matrikula, maaaring mag-bigay ng "reduction and exemption" hanggat sa makatanggap ng "entrance monetary aid" ang mga taong hindi naka-tanggap ng "entrance monetary aid" dahil hindi sila nakaranas ng problemang pang-pinansyal sa dating taon (o di kaya lagpas sa isang taon) ngunit bigla silang nakaranas ng problemang pang-pinansyal.
- Para sa mga nais mag-apply, maaaring basahin ang nilalaman ng orientation para sa mga kuwalipikadong aplikante at mag-pasa ng proposal sa high school na papasukan. (Ang mga kuwalipikasyon para sa mga papasok na estudyante sa taong 2018 ay nakasulat sa **table 3** sa ikalawang pahina.)

Mayroon sistema para sa "scholarship subsidy"

- Nagbibigay ang ating prefecture ng libreng benepisyo para sa mga kuwalipikado upang mabawasan ang problemang pang-pinansyal ngunit hindi kasama dito ang pang-matrikula.
- Para sa mga nais mag-apply, maaaring mag-bigay ng application sa panahon na itatalaga ng paaralan pagkatapos makapasok. (Ang mga kuwalipikasyon para sa mga papasok na estudyante sa taong 2018 ay nakasulat sa **table 4** sa ikalawang pahina.)

Mayroon sistema para sa "scholarship (loan)"

- Ang ating prefecture ay nagpapa-utang ng pang-matrikula upang suportahan ang pag-aaral ng mga estudyante, sa kasalukuyan, maraming estudyante ang gumagamit ng sistemang ito at patuloy na nag-aaral.
- Para sa mga nais mag-apply, maaaring mag-bigay ng application sa panahon na itatalaga ng paaralan (bandang Hunyo) pagkatapos makapasok. (Ang mga kuwalipikasyon para sa mga papasok na estudyante sa taong 2018 ay nakasulat sa **table 5** sa ikalawang pahina.)

Table 1: Endorsement selection para sa mga “dumadaan sa hirap” at mga patunay na dokumento

Pamantayan	Patunay na Dokumento
(1) Mga magulang o guardian na kagaya ng naka-saad sa article 6, paragraph 1 ng "Livelihood Protection Law" (Act No. 144 of 1950)	(1) Dokumento na nagpapatunay na nakakatanggap ng "livelihood protection" mula sa direktor ng welfare office o di kaya mga dokumento na naibigay na sa inyo na nagpapatunay na ikaw ay nakakatanggap ng "livelihood protection"
(2) Mga hindi nagba-bayad ng "municipal inhabitant tax" (nakasaad ito sa Act No. 226 of 1950 ng Local Taxation Law) o di kaya ang "per capita rate" lamang ng "municipal inhabitant tax" ang nababayaran	(2) "Tax exemption certificate" na ibinibigay ng municipal mayor o di kaya "Tax certification" o "Municipal inhabitant tax amount collected notice"
(3) Mga nakaka-tanggap ng child support allowance ayon sa "Child Support Allowance Law" (Act No. 238 of 1961). (Hindi kasali ang mga taong nakakatanggap ng ilang porsyento.)	(3) "Child rearing allowance certificate" na ibinibigay ng gobernador ng prefecture o ng municipal mayor (kasali dito ang pinuno ng welfare office na itinaguyod ng prefecture o ng municipal.)
(4) Mga menor de edad na kumpirmadong hindi nakaka-tanggap ng pag-aaruga ayon sa article 27, paragraph 1, item 3 ng "Child Welfare Law" (Act No. 164 of 1947)	(4) Dokumento na nagpapatunay na may mga aksyon na ipinatupad ang "child guidance director" o ang pinuno ng "child welfare institution"

(Paalala) Para sa mga prefectural high school, maa-arang gamitin din ang mga dokumento na nakasaad sa (2) at (3) para makapag-apply sa admission fee exemption. Ito ay posible kung walang pagbabago sa antas ng pamumuhay noong nakaraang taon.

Para sa Nagoya Municipal high school, maa-arang gamitin din ang mga dokumento na nakasaad mula sa (1) hanggang (3) para makapag-apply sa admission fee exemption. Ito ay posible kung walang pagbabago sa antas ng pamumuhay noong nakaraang taon.

Table 2: Halaga at mga patunay na dokumento para sa "entrance monetary aid"

Halaga (Full-time schooling/halaga bawat taon)	Kabuuang halaga ng "municipal inhabitant tax per income levy" at "prefectural inhabitant tax per income levy". (Kabuuang halaga mula sa magulang o guardian)	Mga dokumento na nagpapa-tunay ng "municipal inhabitant tax per income levy" at "prefectural inhabitant tax per income levy".
118,800 Yen	Hindi aabot sa 507,000 Yen	<ul style="list-style-type: none"> • Tax certificate • Amount of special tax collection notice • Resident tax payment notice

(Paalala) Ito ay hindi kailangang bayaran.

Table 3: Mga kuwalipikasyon para makatanggap ng "reduction and exemption for admission and tuition fees" at mga dokumento para patunayan ito. (prefectural high school)

Kondisyon	Halaga na mababawas	Patunay na dokumento
(1) Mga taong may "municipal inhabitant tax exemption" o mga taong "per capita rate" lamang ang binabayaran. ※Kagaya ng (2) sa table 1.	Admission fee pati ang buong tuition fee	(1) "Tax exemption certificate" na ibinibigay ng municipal mayor o di kaya "Tax certification" o "Special tax levy amount notice".
(2) Mga nakaka-tanggap ng child rearing allowance. (Hindi kasali ang mga taong nakakatanggap ng ilang porsyento.) ※Kagaya ng (3) sa table 1.		(2) Child rearing allowance certificate
(3) Para sa mga hindi lalagpas ng 336,000 yen ang kabuuang halaga ng tax kapag binawas ang halagang 120,000 Yen sa bawat dependent mula 16-19 years old at 330,000 yen sa bawat dependent na mas bata sa 16 years old sa "total taxable income" na basehan ng municipal inhabitant tax na babayaran.	Kalahati ng tuition fee	(3) "Tax certificate" na ibinibigay ng municipal mayor o di kaya "Special tax levy amount notice".

(Paalala) Ang admission fee lamang ang mababawasan o hindi na bayaran ng mga makaka-tanggap ng "High school entrance monetary aid".

Table 4: Mga kuwalipikasyon para makapag-apply ng scholarship subsidy

Kuwalipikasyon para sa estudyante	Kuwalipikasyon para sa magulang o guardian
Mga estudyante na nakapasok ng unang baitang ng high school (kasali dito ang mga paaralan sa labas ng Aichi prefecture) mula 2014 at mga estudyante na maaaring makatanggap ng "High school entrance monetary aid" (tuition fee na binabayaran ng bansa) bago mag Hulyo.	Pamilya na tumatanggap ng livelihood protection (occupational assistance) mula ika-1 ng Hulyo sa taon ng pag-apply, o di kaya mga tao na may mga magulang o guardian na hindi kailangan mag-bayad (0 Yen) ng "prefectural inhabitant tax per income levy" o "municipal inhabitant tax per income levy"

(Paalala)

1 Hindi ito kailangan bayaran dahil ito ay isang benepisyo.

2 Malalaman lang kung maaaring makatangap ng benepisyo pagkatapos imbestigahan ang kondisyon ng taong iyon.

3 Kung ang magulang o guardian ay hindi nakatira sa Aichi prefecture, maaaring makapag-apply para sa scholarship subsidy sa prefecture na nakasulat sa "resident card".

Table 5: Mga kuwalipikasyon para makapag-apply ng scholarship loan

Kuwalipikasyon
Mga estudyante na kasalukuyang nag-aaral sa high school (kahit sa labas ng Aichi prefecture) na may magulang o guardian na nakatira sa Aichi prefecture.
Mga taong may magulang o guardian na hindi lumalagpas sa 2,300,000 Yen ang kabuuang halaga matapos kaltasan ng nakatalagang halaga ang kanilang kabuuang "standard taxable amount" (Total taxable income ng municipal inhabitant tax per income levy).

(Paalala) Ito ay kailangang bayaran pag-natapos ang pag-aaral sa high school dahil ito ay hiram lamang.